

# Ang Paboritong Damit ni Eva

Kwento: Patricia Erica Rodriguez
Guhit: Chloe Gaw








Ipinagmamalaki ni May ang kanyang Ate Eva dahil napakarami niyang kayang gawin. Mahusay si Eva sa pagsulat at pag-awit. At mahusay din siyang manlalaro ng basketball at napakabuting mag-aaral!



Isa ring mabuting ate si Eva kay May. Kapag may oras bago sila'y matulog, nagkukuwentuhan sila tungkol sa kani-kanilang araw.



Bago natulog si May ay lumapit siya sa kwarto ni Eva. Nakita niyang medyo nakabukas ang pinto kaya tinulak niya ito.



“Ate Eva?

”Walang sumagot kaya tuluyan niya itong binuksan.



“Ah ganoon po ba? Sige po.”

“Bakit, anak?”

“May gusto po ako sanang hiramin e...”

"Ano iyon?”

“Gusto ko po sanang hiramin ang isang jacket ni Ate. Bagay po kasi sa suot ng karakter ko bukas sa presentation ko sa isang subject.”


“Ah ganoon ba? Naku, hintayin muna natin siyang makauwi. Magpaalam ka sa kanya.”

“Kaso, ‘nay, kailangan ko na pong matulog e.”



Malungkot na bumalik si May sa pinto ng kwarto ni Eva. Siguro naman ay wala namang masama sa pagkuha muna ng jacket ni Ate Eva, hindi ba? Gagamitin lang naman niya sa presentation sa klase.

Pumasok siya sa kwarto ni Eva at kinuha ang jacket.



Kinabukasan, pauwi na si May na bitbit ang jacket ni Eva. Ilang metro na lang ang layo niya sa bahay nila nang nadapa siya.

"Naku! Ang jacket ni ate Eva!"

Pagkuha niya ng jacket ni Eva ay may malaki itong dumi sa harap. Kitang-kita pa naman ito dahil pula ang kulay ng jacket niya.



“Nadapa ako diyan lang sa labas. Bitbit ko ang jacket ni ate Eva kasi hindi na kasya sa bag ko. Ayun, nadumihan tuloy.”

“Naku, anak. Nagpaalam ka ba sa ate mo?”Nagsisising nakatungo si May at hindi nakatingin sa mata ng kanilang nanay. “Hindi po, e.”

“Ahh. Paano mo ito sasabihin sa ate mo?”“Natatakot po ako, ‘nay. Pero kailangan ko pong mag-sorry.”

“Oo, May. Tama iyan. Kailangan ay malalaman niyang hindi mo na ito uulitin.”



Mga dalawang oras makalipas ay pumasok si Eva sa bahay nang nakangiti. “Anong ulam po ngayong hapunan?”

Nakita niya si May sa sala. “O, May! Malungkot ka yata ngayon?” Natatakot at napapaluhang sinabi ni May,

“Ate Eva, sorry po talaga.”

“Hala bakit naman?”

“Kinuha ko po ang jacket niyo sa aparador ninyo kanina nang di nagpapaalam sa inyo. Sorry po talaga, ate. Late na po kasi at kailangan ko nang matulog. Ginamit ko po siya sa presentation sa school.”



Tahimik si Eva nang ilang sandali. "Bakit hindi mo sinabi sa akin kaninang umaga? Papayag naman ako."

"Sorry po talaga, ate. Nawala na po sa isip ko."

Kinuha ni Eva ang jacket niyang hawak-hawak ni May.

"Naku, nadumihan pa! May naman!"

Nagtatampo siyang pumunta sa kwarto
niya sa inis.Napaluha na nang tuluyan si May. Nilapitan siya ng nanay nila. Hinayaan lang siya ng nanay nila na umiyak.Nang nakatahan na si May, sinabi ng nanay niya,

"Hintayin na lang natin ang ate mong maging mas okay, May."




Kinabukasan, pagkatapos ng umagahan, sabay na naglakad sina May at Eva papuntang eskwelahan.

“Ate Eva, sorry po talaga. Dapat ay nagpaalam muna ako sa iyo. Paborito mo pa namang jacket iyon at nadumihan ko pa.”



Nagbuntung-hininga si Eva. “Oo, May… nagtatampo ako kasi hindi ka nagpaalam sa akin. Alam mo naman na paboritong jacket ko iyan e.”

Naglakad sila nang ilang metro nang hindi nag-uusap.



“O basta, sa susunod ay magpaalam ka lang, ha? Papayag naman ako e. Ikaw pa ba!”

Napangiti si May.

“Sige po, ate May. Pramis po hindi ko na po ito uulitin.”

At dahil diyan ay sabay na silang pumasok sa kani-kanilang silid-aralan.

# The end